# Mga Nakaligtas: Alisto sa Panloloko, Pambubudol pagkatapos ng Sakuna

**Release Date: September 18, 2021**

**Trenton, NJ –** Pagkatapos ng isang sakuna, ang mga magnanakaw ng pagkakakilanlan at iba pang mga kriminal ay kadalasang nananamantala ng mga nakaligtas sa sakuna. Ang mga opisyal na namamahala sa kagipitan sa pederal at estado ay nananawagan sa mga residente na maging mapagmatyag at ipagbigay-alam ang mga kahina-hinalang kilos.

Sa oras na tumama ang isang sakuna, ang mga taong walang kunsensya ay maaaring manamantala sa pamamagitan ng pagpapanggap na isang opisyal na manggagawa ng tulong pang-sakuna na sumusubok tumulong sa mga nakaligtas na kumpletuhin ang kanilang aplikasyon.

## Kabilang ang mga ito sa karaniwang gawaing panloloko pagkatapos ng mga sakuna:

### Pekeng pag-aalok ng tulong estado o pampederal state:

- Ang mga pederal at estadong manggagawa ay hindi humihingi o tumatanggap ng pera. Ang mga tauhan ng FEMA at U.S. Small Business Administration (SBA) ay hindi kailanmang maniningil sa mga nakaligtas upang mag-apply para sa tulong pang-sakuna, inspeksyon, o tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon.

### Mga pekeng inspektor ng ari-arian:

- Ang mga inspektor ng FEMA ay hindi kailanmang manghihingi ng iyong social security number (numero ng seguridad sa lipunan).

- Walang opisyal ng tulong pang-sakuna sa gobyerno na tatawag sa iyo upang hingin ang iyong pampinansyal na impormasyon. Kung ikaw ay may pagdududa na ang isang kinatawan ng FEMA ay lehitimo, ibaba ang telepono at tumawag sa Helpline ng FEMA sa **800-621-3362 (TTY 800-462-7585)** mula 7

ng umaga hanggang 11 ng gabi ET upang isumbong ang insidente.

- Ang mga inspektor para sa bahay ng FEMA ay hindi kailanman maniningil ng bayad upang inspeksyunin ang iyong pag-aari.

**Umarkila pekeng kontratista ng gusali:**

- Ang trabaho ng inspektor ng pabahay ng FEMA ay patunayan ang pinsala. Ang FEMA ay hindi uupa o magpapadala ng mga partikular na kontratista para ayusin ang mga tahanan o magrekomenda ng mga paayos.
- Nirerekomenda ng FEMA na kumuha ng isang mapagkakatiwalaang inhinyero, arkitekto o opisyal ng gusali para suriin ang iyong tahanan. Ang isang di mapagkakatiwalaang kontratista ay maaaring magdulot ng mga pinsala upang makakuha ng trabaho.
- Kung may pagdududa, isumbong ang kahit anong kahina-hinalang gawain sa iyong lokal na awtoridad.
    1. 51. **ng isang mapagkakatiwalang kontratista:**
- Palaging gumamit ng isang lisensyadong lokal na kontratista na may maaasahang kaugnayan.
- Hingan ng nakasulat na kontrata ang sinumang aarkilahin.
- Siguraduhing makakuha ng isang nakasulat na resibo para sa anumang bayad. Huwag magpaunang-bayad ng higit sa kalahati ng gastos ng trabaho.
- Kung ang isang estimate (tantiyahin) ay parang masyadong maganda para maging totoo, malamang ay ganoon nga iyon. Maraming mga hindi mapagkakatiwalaang kontratista ang nagbibigay ng masyadong mababang presyo na nakaka-akit. Subalit ang mga kontratistang ito ay kalimitang uninsured (walang seguro) at maaaring maningil ng mga napakamahal na bayad para sa kanselasyon.

**Pakikitungo sa mga kontratista:**

- Tanungin ang mga kontratista kung sila ay nakagawa na ng katulad na gawaing pag-aayos noon. Tanungin din kung sila ang bibili ng mga kinakailangang mga permit, at kung ang gawa nila ay sasailalim sa inspeksyon. Siguraduhin na lilinawin ng kontratista kung sino ang magbabayad ng mga permit.
- Subukang makakuha ng tatlong magkakaibang bids (tawad) para sa trabaho. Huwag mapilitan na gumawa ng madaliang desisyon. Igiit na makakuha ng

isang nakasulat na tantya o kontrata. At huwag pipirma ng kahit anong hindi mo naiintindihan o mga kontrata na may mga puwang.

- Palaging magbayad para sa mga gawain sa pag-ayos sa pamamagitan ng tseke o credit card upang magkaroon ng talaan at maiwasan ang mga dobleng singil.

**Mga Pekeng Charities (kawang-gawa):**

- Maging mapag-matyag sa mga hindi mapagkakatiwalaan at pekeng mga grupo ng kawang-gawa. Ang mga kriminal ay nanloloko ng mga nakaligtas sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga pekeng komunikasyon sa pamamagitan ng email o social media at sa paggawa ng mga pekeng website na dinisenyo upang makakuha ng donasyon.
- Ang Better Business Bureau ay may listahan ng mga mapagkakatiwalaang mga kawang-gawa na aprubado ng Wise Giving Alliance (Give.Org).
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-iwas sa panloloko sa pagbibigay sa mga kawang-gawa, bumisita sa https://go.usa.gov/xM5Rn

**Para magsumbong ng mga panloloko at identity-theft (pagnanakaw ng pagkakakilanlan) tumawag sa:**

- Toll-free na Linyang Tawag ng FEMA sa **866-720-5721**;
- Sa mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas.

Para sa karagdagang impormasyon, bumista sa fema.gov/disaster/4614. Sundan ang Twitter account ng Rehiyon 2 ng FEMA sa twitter.com/FEMAregion2.